

# 1

Araw ng kanyang kasal, nakatayo si Carlo sa tabi ng best man niya sa harap ng altar upang doon hintayin ang kanyang bride. Parehong black suit ang suot nila ng matalik niyang kaibigan na si Hernan.

Tanaw na tanaw niya ang ginagawang pagsasaayos sa entourage. Unang pinapila ang mga ninong at ninang. Nasa likuran ng mga ito ang mga abay na lalaki na pawang nakasuot ng puting barong Tagalog at itim na pantalon samantalang ang mga abay na babae ay purple gowns ang mga suot. Nakasunod sa mga ito ang flower girls at ring and coin bearers. Nakita niya rin ang maid of honor na si Trisha, ang girlfriend ni Hernan.

Nakakalungkot lamang na tanging ang laylayan lang ng gown ng kanyang bride ang nasisilip niya dahil nakapuwesto ito sa pinakadulo ng pila. Anumang silip niya ay hindi niya talaga makita ang kabuuan ng hitsura nito.

Napakaraming tao sa simbahan. Ang paligid ay napapalamutian ng mga puting bulaklak na humahalimuyak sa kabanguhan. May red carpet na nakalatag sa aisle na nagsimula sa hagdanan sa labas

ng pinto ng simbahan at nagtatapos sa altar.

Dumagundong ang kanyang dibdib nang marinig niyang pumapailanlang sa ere ang bridal march na tinugtog ng church organist. Hudyat ito na magsisimula na ang pagmamartsa ng wedding entourage. Doon na rin nagsimula ang hindi niya maipaliwanag na pakiramdam; masyado na siyang nate-tense. Pakiramdam niya ay lumalapot ang dugo niya at tila nahihirapan itong dumaloy sa kanyang mga ugat.

Nagsimulang humakbang ang mga ninong at ninang. Nakasunod ang mga abay at flower girls na may bitbit pang baskets na may lamang white rose petals. Habang naglalakad ay inilalaglag ng mga ito ang mga talulot sa red carpet.

Napakatindi ng kabog ng dibdib ni Carlo. Magkahalong nerbyos at excitement ang pumupuno sa kanyang puso. Sabik na sabik na siyang makita ang kanyang bride na nasa bukana pa lamang ng simbahan habang ang maid of honor ay nag-umpisa nang magmartsa. Kandahaba ang kanyang leeg sa pagtatangkang makita ang ayos ng babaeng pakakasalan. He almost couldn't wait to see her.

“Bakit parang ang tagal?” bulong niya kay Hernan.

“Pare, relax!” natatawag saway nito nang mapansin nito ang pagkabalisa niya.

“How can I?” sagot niya na iginalaw-galaw ang mga paa. Inilipat niya ang kanyang bigat sa isang paa. Nakakaramdam siya ng pangangalay dahil sa tensyon.

Napailing ito at hindi maiwasang matawa sa kanyang ipinapakitang reaction. “She’ll be yours in a few moments, pare. Try to be patient.”

Nakakaramdam na kasi si Carlo ng inip sa mabagal na paghakbang ng kanyang bride habang nagmamartsa ito. “Ganito pala ang ikinakasal, pare. Nakaka-*stre*. Malapit na akong mag-*collap*.” Singular daw kaya *stre* at *collap* lang ang term na ginamit niya, imbis na stress at collapse. Ganoon ang madalas na biruan nilang magkaibigan.

Yumugyog ang balikat ni Hernan dahil nakukuha pa niyang magbiro gayong halata namang malapit na talaga siyang mag-collapse sa stress. “Pambihira ka, pare. Kaya mo iyan! Inhale-exhale ka nga,” pabirong saway nito na hindi na mapigilan ang pagtawa dahil sa nakikitang hitsura ng kaibigan.

Sinikap nilang maging pormal pagkatapos ng sandaling iyon. Hindi nga naman maganda na tila sila

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

mga teenagers na naghaharutan sa loob ng simbahan.

Nakaramdam siya ng paninikip ng dibdib sa paghihintay na makalapit sa kanya ang bride.

Malayo pa kasi ito ay nakikita na niyang nangingibabaw ang kagandahan nito sa lahat ng taong naroroon. Tila isang beauty queen ito na nakasuot ng sleeveless bridal gown na puno ng white beads mula sa neckline hanggang sa baywang. Napakasimple ng design niyon ngunit napakaelegante nitong tingnan. Mahaba ang belo nito na sumasayad sa sahig sa likuran nito. Manipis lang ang makeup nito ngunit lalo iyong nagpalutang sa kagandahan nito.

Sa wakas ay narating din nito ang kinaroroonan niya.

Nang iabot ng ama nito ang babae sa kanya ay hindi na napigilan ni Carlo ang pagtulo ng kanyang luha. Nakakahiya man sa mga naroroon pero di niya talaga iyon napigilan. Ramdam kasi niya sa kanyang puso na mahal na mahal niya ang mapapangasawa.

Kunsabagay, hindi lang siya ang naluha. Napansin niyang pasimpleng pinunasan ni Hernan ang luhang namuo sa mga mata nito. Alam niyang masaya ito para sa kanya.

Nang lumuhod sila upang tanggapin ang

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

basbas ng pari ay muling tumingin sa kanya ang bride. Ang mga mata nito ay kumikislap dahil sa pamumuo ng luha, ngunit nanatiling nakangiti ang mga mata na naglalarawan ng matinding kasiyahan nito. Mahahaba ang pilikmata at ang mga kilay ng babae ay napakaganda ng pagkakaarko sa itaas ng mga mata nito. Matangos ang ilong nito na bumabagay sa magandang mukha. Higit na natuon ang attention niya sa mga labi nitong tila napakasarap hagkan. Napakaganda ng hugis niyon—mga labing tila nag-aanyaya ng isang matamis na halik.

Sadyang kinainipan ni Carlo ang mahabang sermon ng paring nagkakasal sa kanila. Wala siyang naintindihan isa man sa mga sinasabi nito dahil pakiwari niya ay gaya lang ito ng tunog ng maraming bubuyog na dumadaan sa kanyang tainga.

Wala kasi ang attention niya sa mga sinasabi ng officiating priest. Nakatutok lang ang mga mata niya sa napakagandang mukha ng babaeng katabi niya at sa tuwing magtatama ang mga paningin nila ay ngumingiti ito sa kanya nang ubod-tamis. What a killer smile! Isa iyong ngiti na nakapagpapainit ng kanyang pakiramdam. Init na init na nga siya kaya naman butlig-butlig na ang kanyang pawis. Panay na ang punas niya ng panyo sa kanyang noo.

“I now pronounce you husband and wife.” Nagitla pa si Carlo nang marinig ang sinabing ito ng pari. Iyon lang yata ang maliwanag niyang naintindihan sa lahat ng sinabi nito. “You may now kiss the bride.”

Parang isang musika sa kanyang pandinig ang mga katagang iyon. Ito ang pinakahihintay niyang sandali, ang mahalikan niya ang kanyang bride.

Nakatitig sa kanya ang asawa habang nakangiti. Napakaganda nito at totoong kaakit-akit kaya di siya dapat magsayang ng sandali. Kaagad niyang sinakop ang mga labi nito. Hindi nga lang basta damping halik ang ibinigay niya rito kundi isang naglalagablab sa init na halik. Halik na may kasamang paghahangad at pagnanasa.

Naramdaman ni Carlo ang mainit na pagganti nito ng halik sa kanya. Dama niya rin ang naglalagablab na init nito.

Naramdaman niyang napakapit na ang bagong asawa sa kanyang batok, bagay na lalong nagpainit pa sa kanyang pakiramdam. Naririnig niya na rin ang marahang pag-ungol nito.

Maging si Carlo ay napaungol. Napakatindi na ng sensasyong iyon. Isang sensasyon na ngayon niya lang nadama sa buong buhay niya....

Humihingal na napabalikwas ng bangon si Carlo. Panaginip lamang pala iyon... isang napakagandang panaginip. Akala niya ay totoo na. Napakurap-kurap siya. Hindi tuloy niya naiwasang mapangiti nang maalala ang eksenang iyon sa kanyang panaginip na nagpalitan sila ng maalab na halik ng bride niya habang nasa harap pa lang sila ng altar.

Binata pa siya pero kung tutuusin ay puwede na siyang mag-asawa at magkapamilya kahit anong oras mang gustuhin niya lalo pa't magte-treinta años na siya. Sa taglay niyang mga katangian ay siya na ang nililigawan ng mga babae. Dahil guwapo at isang matagumpay na businessman, hindi siya nauubusan ng magiging karelasyon. Pero walang nagtatagal sa mga nagiging girlfriend niya dahil madali siyang sawaan sa mga ito.

Ang bagong girlfriend niya ngayon na si Beverly ay parang gusto na niyang dispatsahin. Tinatabangan na siya rito. Masyado itong liberated at mainit. Hindi na nga healthy para sa kanya na patagalin pa ang relasyon niya rito. Bago pa siya matuyot na parang prunes ay kailangan na niyang iwasan ang babaeng iyon.

Laking America ang nobya kaya ang pakikipag-

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

sex ay para lang pag-sha-shampoo ng buhok para rito. Normal lang iyon kay Beverly kahit pa araw-arawin. May pinag-aralan ito at gaya niya ay may sarili rin itong negosyo. Nag-ma-manage ito ang jewelry shop ng pamilya nito. Maraming tao rin ang nagsasabing bagay sila nito dahil maganda ito at malambing... Parang nasorbahan nga lang sa lambing. Nakapanlalambot na nga ang kalambingan nito. Nakakasaid ng lakas.

Minsan ay nakakadama na rin si Carlo ng pagod sa pagpalit-palit ng karelasyon, pero wala pang babaeng nakapagbigay sa kanya ng hinahanap niyang signs. Iyon bang kapag kasama niya ito ay hahangarin niyang hindi na matapos ang mga sandali at hihilingin niyang sana ay lagi na lang ito nasa kanyang tabi. Iyon bang tipo na kayang palaputin ang dugo niya at padagundungin ang kanyang puso. Gaya ng nagawa ng bride sa kanyang panaginip.

Bigla siyang napaisip. Ganoon eksakto ang signs na hinahanap niyang maramdaman para sa isang babae. At kapag naramdaman niya ang ganoon sa sinumang kalahi ni Eba ay hindi siya magdadalawang-isip na pakasalan ito. Iyon ang pangako niya sa sarili.

“This is crazy!” Natawa si Carlo. Ang bukod-tanging babaeng nakapagpatibok sa kanyang puso

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

ay isa lamang palang tauhan sa kanyang panaginip.

Hindi siya naniniwala sa horoscope at kahulugan ng mga panaginip. Wala rin siyang pinaniniwalaang anumang superstition. Pero naniniwala siya na nagbibigay ang Diyos ng signs lalo pa't iyon ay kanyang hiningi. At ang signs na matagal na niyang hinihingi ay nakita na niya pero ang babae ay nasa kanyang panaginip. Muli siyang natawa at napailing.

## 2

Kasabay ni Carlo ang kanyang mga magulang sa pag-aalmusal. Ang papa niyang si Edmund ay may sariling non-life insurance company na naka-tie up sa *LTO*. Pinsang-buo nito ang isa sa pinakamataas na opisyal sa nasabing sangay ng gobyerno. Ang mama niyang si Rosie ay nahuhumaling sa isang fellowship; isa na itong Born Again Christian.

May simple rule sa pamilyang ito. Kahit maghapon na silang di magkita-kita basta sa almusal ay dapat magkakasalo sila. Alas siete y media ng umaga ang oras ng almusal kaya kahit puyat o pagod ay dapat siyang gumising nang maaga para makasabay sa almusal ng pamilya. Kung hindi ay isang linggo siyang babasahan ng kanyang mama ng mga talata ng Bibliya tungkol sa pagpapahalaga sa pamilya. Hindi ba isang napakabigat na parusa iyon?

Tatatlo na lang silang magkakapamilya sa bahay na iyon. Ang dalawang kapatid niya ay may mga asawa na. Ang kuya niyang si Paulo ay nasa Cebu. Ito ang humahawak ng branch ng insurance company nila roon at ang bunsong kapatid niyang si Cheska ay nakapag-asawa ng lalaking taga-Boracay.

## *Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

Matapos ang almusal ay gumayak na siya para magtungo sa kanyang car display center. Dealer siya ng mga secondhand cars na inaangkat niya mula sa Japan at Korea.

Habang lulan ng kanyang light gray *Toyota RAV4* ay binabaybay niya ang daan patungo sa kanyang destinasyon. May shipment na dumating mula sa Korea kaya dapat lang na maaga siyang pumasok para sa inspection ng mga sasakyan. Ito iyong nilakad niya noong nakaraang buwan habang nandoon siya sa nabanggit na bansa.

Huminto ang sasakyang nasa harapan niya dahil naging pula na ang traffic light. Napatingin siya sa labas ng bintana; isang taxi ang nasa tabi ng kanyang SUV. Hindi tinted ang salamin niyon kaya kita niya ang loob ng sasakyan; isang babae ang nakasakay roon. Napakaganda nito at very familiar sa kanya ang mukha. Pilit niyang hinagilap sa isip kung saan niya ito nakita. Commercial model ba ito o artista? May ilang segundo rin siyang nakatingala sa kisame ng *RAV4*. Nakalayo na ang taxi dahil nagpalit na ng berdeng kulay ang traffic light. Halos mapasigaw siya nang maalala kung sino ang babaeng iyon.

“Holy cow! She’s the girl in my dream! Oh my! She’s real!” Naramdaman ni Carlo ang tibok

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

ng kanyang puso na halos gumiba na sa dibdib niya. Pamilyar ang pakiramdam na iyon. Nanakit din ang kanyang batok dahil pakiwari niya ay lumapot ang kanyang dugo. Iyon nga ang babae sa kanyang panaginip at hindi siya maaaring magkamali. At ang signs... Nadama niya ang mga iyon!

Nang muli niyang sulyapan ang taxi ay wala na iyon sa kanyang paningin. Hindi niya napansin kung lumiko ba sa intersection o dumerecho. Sobra ang naramdaman niyang panghihinayang dahil nagkaroon na talaga siya ng malaking interest sa babaeng iyon. Kailangang makilala niya ang estranghera dahil ito pa lang ang nakapagpatibok sa puso niya nang ganoon kalakas. She must be the one for him. Hindi na siya mapakali.

---

“Ano ba talaga ang ginagawa natin dito, pare?” Takang-taka si Hernan dahil nasa kahabaan sila ng Quezon Boulevard. Naroon sila sa tapat ng isang native restaurant at nakatayo roon na waring may inaabangan.

“Dito ko nakita ang babaeng iyon, pare, kaya magbabakasakali tayong baka dumaan siya muli dito. Malay mo baka sa tabi-tabi lang iyon nakatira.” Tutok ang mga mata ni Carlo sa mga sasakyang dumadaan

lalo na sa mga taxis.

Napakamot ito ng ulo. “Alam mo, pare, marami na rin tayong kalokohang pinagsamahan buhat noong maliit pa tayo, pero pinakamatinding kalokohan na ito,” umiiling na sabi nito. “Lung cancer ang aabutin natin dito sa kakalanhap ng maiitim na usok ng bawat sasakyang dumaraan dito.”

“Give me few minutes more, please,” hirit pa niya. Ayaw niyang bitiwang ang pag-asang makita niyang muli ang mysteryosang babae. “Malakas ang kutob ko, pare, na makikita kong muli ang babaeng iyon, kaya please hang on a little longer.”

Napatingin ito sa kanya at napailing. “This is funny. Very funny.” Puno ng sarkasmo ang tinig nito.

“What is so funny about this?” sabi niyang napipikon sa pangangantyaw ng best friend. “This is the only way to find my bride, pare.”

“Your what?” Napataas ang boses nito sa narinig. “Did I hear it right? We’ve been standing here for almost four hours looking for your bride?” Tumaas ang isang kilay nito. “Magtapat ka nga, pare. Ano bang gamot ang tinira mo?”

“Puro ka naman kalokohan. Hindi ako nagbibiro. Posibleng ang babaeng ito ang maging bride ko

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

someday dahil siya lang ang nakapagpatibok ng puso ko nang gan'un kalakas. Remember the signs, pare?"

Nanunuya na ang titig ni Hernan sa kanya. "Mukhang napaglilipasan ka ng gutom, ah. Masama iyan. Kumain ka sa tamang oras. Iwasan mo ang junk food. Nakakasira ng utak ang sobrang vetsin." Tumawa ito nang malakas.

"Shut up!" sabi niyang nakangiti dahil siya man ay hindi makapaniwalang ginagawa niya ngayon ang kautuang ito.

Ginabi na sila sa pag-aabang sa babaeng tinukoy ni Carlo na pakakasalan balang araw. Pareho na silang pagod ni Hernan nang sila ay maghiwalay. Hindi na siya tumuloy sa display center. Umuwi siya ng bahay upang makapagpahinga dahil pakiramdam niya ay naubos na ang kanyang lakas. Pero iyon lang ang gabing kahit pagod siya ay nahirapan talaga siyang kumuha ng tulog. Nang makita niya kasing totoo pala ang babae sa panaginip niya ay ginulo na nito ang kanyang isip.

---

Kinaumagahan ay nasa car display center si Carlo. Abala siya sa pag-inspection ng bagong dating na mga sasakyan kasama ang dalawa niyang

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

tauhan nang biglang may yumakap sa kanya mula sa likuran. Napangiwi siya dahil kahit hindi pa niya nakikita kung sino ang gumawa niyon ay sigurado na siya kung sino ito. Iyon ay walang iba kundi si Beverly, ang nobya niyang plano na niyang hiwalayan.

“Hello, babe, I missed you!” Humalik ito sa batok niya. Halatang miss na miss nga siya nito. Isang linggo kasi siyang nawala dahil bumiyahe siya sa Japan para mamili ng mga sasakyan. “What happened to your cellphone? Hindi ka makontak.”

Nilingon niya ito at nakitang napakaganda nito sa suot nitong baby doll dress. Maikli iyon kaya naka-display ang magaganda at mapuputi nitong legs. Napakabango nito at sosyal na sosyal ang hitsura. Wala siyang maipipintas sa physical appearance nito maliban sa sobrang pagiging hot at liberated nito.

Humarap siya rito at kinintalan ng halik ang pisngi nito. “In-off ko, babe, dahil napagod ako kahapon. Nagpahinga ako nang maaga.”

“Baka naman may ibang tinatrabaho ka na? Sa akin pa lang mukhang hirap ka na ’tapos kumuha ka pa yata ng iba?” Malambing ang tinig pero may himig ng selos. Niyakap siya nito mula sa likuran.

Napatingin si Carlo sa dalawang tauhan niya. Nakadama siya ng hiya pagkat nakita niyang napapangiti ang mga ito dahil sa naririnig na sinasabi nito sa kanya.

“Tara kaya sa office, Bevs,” aya niya sa babae dahil ayaw nitong tumigil sa kapupulupot sa kanya at kahahalik. Ramdam niya na di na makatingin ang mga tauhan sa kanila dahil sa ginagawa ni Beverly sa kanya. “Bahala ka na muna diyan, Jim,” bilin niya sa isang tauhan.

“Walang problema, Bossing,” ngingiti-ngiting tugon nito.

Pumasok na sila sa opisina niya. Naroon ang secretary niyang si Nancy na abala sa mga gawain. Pag ganoon kasing may dumating na shipments ay marami itong trabaho ukol sa mga papeles ng mga sasakyan. Kaya nang makita nito si Beverly ay halatang nainis ito dahil maaabala ito sa ginagawa.

Tumikhim siya rito. Siyempre ayaw niya ring makita nito ang paglalampungan nila ng nobya.

Kaagad nitong naintindihan ang kanyang pahiwatig. Mabilis itong tumayo at nagkunwaring may gagawin sa labas. Iyon ang gusto niya sa sekretarya niya, marunong makisama. Kaya siguro

hanggang ngayon ay hindi niya pa ito pinapalitan.

Paglabas na paglabas ni Nancy ay kaagad siyang niyakap ng kasintahan at hinalikan sa labi. Hindi nito maitago ang kasabikan sa kanya. “I really missed you, babe.” Mainit na mainit ito.

Hindi alam ni Carlo kung dapat pa ba niyang tugunin ang mga halik nito. Nais na niyang makipagkalas dito, di ba? Pero mainit ang halik na ibinibigay nito at lalaki siyang nadadarang sa mga ginagawa nito sa kanya. Parang *Bulkang Mayon* na ang pag-aalboroto ng libido nito at natatangay siya.

“Let’s go somewhere, babe. I want you and I need you,” bulong nito sa tainga niya habang pinapaliguan siya nito ng halik sa mukha.

Paano ba tumanggi sa ganito kasarap na imbitasyon? Lalaki siya at parang di na niya kayang panindigan pa ang unang plano niya. “Tatapusin ko lang ang trabaho, Bevs.”

Inilabas nito ang dila at inihagod sa mga labi nito. “Trabaho rin naman ako, ah. At masarap akong trabaho.” Muli siya nitong siniil ng halik.

Isang malakas na katok sa pinto ang nakapagpahiwalay sa kanilang mga labi. Narinig niya ang tinig ni Nancy at inanunsyo nitong may

bisita siya, si Hernan.

Nakahinga siya nang maluwap. Mahahalikan niya ang kaibigan dahil sa pagdating nito ay nakaligtas siya sa taksong dala ni Beverly.

Mula sa bag ay mabilis na kumuha ng wet wipes ang kanyang nobya para burahin sa mukha niya ang nagkalat na lipstick.

“Ipangako mong magkikita tayo mamaya pagkatapos ng trabaho mo, babe, dahil pagsisisihan mo kung hindi mo ako sisiputin. Kumindat pa ito sa kanya at muling inilabas ang dila at inihagod sa labi bago tinungo ang pinto.

Napabuga ng hangin si Carlo at inilabas niya ang panyo mula sa kanyang bulsa. Ginawa niya iyong pamaypay dahil pinagpapawisan siya.

Nabungaran ni Beverly ang kanyang kaibigan nang buksan nito ang pinto. “Hello, Hernan,” nakangiting bati nito.

“Hi, Bevs. Naistorbo ko yata kayo?” natatawang sabi ni Hernan. Napansin nitong nabura na kasi ang lipstick ng babae kaya malakas ang kutob nitong nakaistorbo nga ito sa kanilang ginagawa.

“Buti alam mo,” pagbibiro ng dalaga na sinundan

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

ng tawa upang di naman ma-offend ang best friend ng kasintahan. “Sige na, nasa loob siya.” Nagpatuloy na itong umalis.

Pagpasok ni Hernan sa pinto ay nakita nitong nagpapaypay si Carlo.

Nakasunod si Nancy rito at nagtungo sa mesa nito upang ituloy ang nabinbing trabaho.

“Bakit parang init na init ka, pare?” May panunukso sa tinig nito. Hindi mapigilang mapangiti na naupo ito sa silyang nasa harapan ng table niya.

“Nagbabaga, pare. Nagbabaga sa init.” Nagtawanan silang dalawa. Maging si Nancy ay di na rin mapigilang matawa sa narinig na usapan nila ng kaibigan.

---

Hindi pa man naila-lock ni Carlo ang pinto ng condo unit ni Beverly ay buong init na siyang sinimulang trabahuhin nito. Umaapoy sa init ang babaeng ito.

Tao lang siya na mahina sa tawag ng pangangailangan. Hindi rin niya natanggihan ang masarap na imbitasyon.

“Hey, easy!” sabi niya dahil dinakma nito kaagad

ang kanyang harapan at muntik na niyang mabitiwan ang bitbit na clutch bag.

“Kasalanan mo ito kaya naging ganito ang kasabikan ko sa iyo. Ngayon magbabayad ka, Mr. Handsome.” Hinuhubad na nito ang suot niyang polo shirt.

“Hep, hep... Shower muna tayo, Bevs.” Hinawakan niya ito sa magkabilang balikat upang mailayo ito sa kanyang katawan. “Sabay na tayo?”

Ngumiti ito. “I like that,” tugon nitong bumitiw rin sa kanya. Nalaglag sa harapan niya ang mga damit nito. Wala itong itinirang saplot sa katawan at saka nagpatiunang naglakad patungo sa banyo.

Sino ba namang lalaki ang hindi iinit ang pundilyo kung ganito kainit ang babaeng naghihintay sa kanya? Mabilis siyang sumunod sa banyo para sa kanilang warm-up round.

---

Halos wala na silang lakas nang umabot ang hatinggabi. Napapailing si Carlo habang pinagmamasdan ang tulog na sa pagod na si Beverly. Halos sumuko na siya rito na napakataas talaga ng antas ng libido. Mahabaging langit! Biyaya pa ba ang babaeng ito o parusa na? Hindi kaya

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

nympho ito? Napatingala siya sa kisame. Dahan-dahan siyang tumayo upang makapagbihis. Ayaw niyang gisingin ang nobya dahil baka humirit pa ito ng isang round of sex ay siguradong mapapahiya na siya. Lugaw na ang kanyang bulalo. Nanlalambot na ang kanyang mga tuhod.

Bagaman anong ingat niya ay nagising pa rin ito. “Where are you going, babe? Don’t tell me you’re already going home? The night is still young and we can still enjoy it.”

Nanlaki ang mga mata ni Carlo. Umaalog na ang tuhod niya. Pero bakit tila naghahamon na naman ito? “I’m going home, Bevs. It’s already late.” Paatras na siyang naglakad patungo sa pinto dahil nakita niyang bumangon ang babae.

Nang maramdaman niya ang pinto ay dagli niyang pinihit ang doorknob at mabilis na kumaripas ng takbo na daig pa ng hinahabol ng asong ulol na may rabies. Ngayon ay confirmed na totoo nga ang hinala niya sa katipan. Nymphomaniac nga ito at hindi niya ito kaya.

# 3

Kasalukuyang nag-aalmusal si Carlo kasabay ng kanyang mga magulang nang kausapin ni Rosie ang kabiyak.

“Can you drive me to Pasig, honey? Wala si Simo at kailangan kong magpunta sa church para sa aming worship service.”

Napatingin si Edmund sa asawa, halatang hindi nito nagustuhan ang narinig. “Bakit ang layo naman yata ng pupuntahan mong worship service, hon? Bakit di na lang dito sa Quezon City?”

“Naimbitahan kasi kami doon para magbigay ng mga testimonials at para makakilala na rin ng ibang miyembro ng kapatiran,” paliwanag nito

“Darling, masyadong malayo ang Pasig. I need to be in my office one hour from now dahil may kausap akong tao. Kay Carlo ka na lang siguro magpahatid.”

“Pa, may kausap din akong buyer mamaya. Busy rin ako today,” protesta niya.

Halatang sumama ang loob ni Rosie nang tanggihan itong ihatid ng dalawang lalaking

kaharap. Marunong itong magmaneho pero nagkaroon na ito ng trauma buhat noong nakasagasa ito ng bata na biglang tumawid sa kalsada. Namatay ang paslit. Buhat noon ay hindi na ito muling humawak ng manibela. Hindi na nito na-overcome ang trauma kaya kumuha na lang ito ng driver. Subalit nagpaalam si Simo nang nagdaang araw na hindi muna papasok ngayon dahil makikipaglibing umano ito sa namatay na tiyuhing taga-Laguna.

“It’s okay. Mag-ta-taxi na lang ako papunta r’on. Nakakahiya naman sa inyong dalawa kung iistorbohin ko pa kayo. Nakalimutan ko nga pala na masyado kayong busy sa inyong mga hanapbuhay. Saka hindi naman siguro nakakahiyang dumating ako doon nang naka-taxi lang dahil alam nilang busy talaga ang mga lalaki sa buhay ko na dapat sana ay nagmamalasakit sa akin. Kaya okay lang. Isubsob n’yo ang mga sarili n’yo sa trabaho hanggang sa matabunan na kayo ng kayamanan n’yo.”

*Huh? Akala ko ba okay lang?* ani Carlo sa loob-loob niya.

“Sabi nga sa Bibliya....” Binuklat na nito ang Bibliya na nasa tabi nito. Kahit nasaan ito ay laging nitong dala ang banal na aklat.

Pinandilatan ni Edmund ang anak. Kung

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

papayagan nilang magbuklat ito ng Bibliya ay lalo silang maaatraso sa lakad nila dahil tiyak na hindi ito papayag na umalis sila nang hindi natatapos ang pangangaral nito.

“Thahatid na kita, Ma. Hindi ko naman papayagang mag-taxi ka,” awat na ni Carlo ang ina dahil mas malaking abala para sa kanya ang pakinggan ang maraming talata ng Bibliya na ipapangaral nito sa kanya kaysa ang ipag-drive niya na lang ito papuntang Pasig.

---

“Bumaba ka muna, hijo, at ipapakila kita sa mga kasamahan ko,” pangungumbinsi ni Rosie kay Carlo nang marating na nila ang venue kung saan gaganapin ang worship service nito.

“Anong oras ba iyan matatapos, Ma?”

“Before lunch siguro kasi maraming magbibigay ng testimonials at isa ako d’un. You must hear it, anak.”

Napangiwi siya. Hindi niya ma-imagine ang sarili na kasali sa ganoong mga pagtitipon at magtatambay nang ganoon kahabang oras.

“Ma, balikan na lang kita. Call me when you’re

done. Marami akong trabahong dapat tapusin,” dahilaniya upang makaiwas sa nais ng ina.

“Hijo naman, nandito ka na rin lang, why don’t you grab this chance to listen to the words of God and meet some people who are really devoted in doing God’s will?”

“I’ve had enough teachings from you, Mama, and I don’t need some more.” Napailing si Carlo. “I better go.” Humalik siya sa pisngi nito.

Napabuntong-hininga si Rosie. Bakit hindi niya mahikayat ang pamilya na sumama sa mga gawain ng Panginoon? Ang asawa niya ay lagi na lang idinadahilan na busy ito. Ang anak na si Carlo ay ganoon din. Todo-iwas din ito sa paanyaya niya na sumama sa kanya para makinig ng teachings ng kanyang religion.

Bilang pampalubag-loob ay sinasabi na lang niya sa isip na maaaring hindi pa iyon ang tamang panahon.

Binuksan na niya ang pinto upang makalabas sa sasakyan. Tamang-tama naman na pababa na siya ay nabungaran niya sina Lea at Princess na kaiibis lang din mula sa sinakyang taxi ng mga ito. Katulad niya, si Lea ay may-asawa na samantalang si Princess ay

dalaga pa.

Nagulat ang dalawa dahil hindi inaasahan ng mga ito na siya ang makikitang pababa sa sasakyang iyon. Ngayon lang nakita ng magkaibigan ang sasakyan ni Carlo. Nasanay ang mga ito na nakikita ang kotse niyang *Toyota Corolla* at si Simo ang driver.

“Ikaw pala iyan, Sister. Good morning. Iba yata ang sasakyan mo ngayon,” bati ni Lea kay Rosie, bahagya pang yumuko ito upang makita mula sa bintana ng sasakyan kung sino ang naghatid sa kanya. “Ang guwapo naman ng driver mo ngayon, Sister.” Sinundan nito ng tawa ang biro.

“Ay, oo naman. Guwapo talaga iyan, Sister Lea, kasi anak ko iyan.” Tumawa rin si Rosie. “Siya si Carlo,” pakilala niya sa anak.

Kumaway lang ang binata sa tila kinikilig pang babae na kausap ng ina.

“Good morning po, Sister Rosie,” nakangiting bati ni Princess nang makalapit sa kanila matapos nitong bayaran ang driver ng sinakyang taxi.

“Good morning din, Sister Princess,” balik niya nang tuluyan na siyang nakababa sa sasakyan. “Hijo,” tawag niya sa attention ng anak. Yumuko siya para makita si Carlo mula sa bintana. “I want you to meet

Princess, ang pinakamakagandang kasama ko sa fellowship,” may pagmamalaking pakilala niya sa dalaga.

Natawa si Princess sa sinabi niya. “Sister Rosie naman, huwag gan’un. Nakakahiya.”

---

Yumuko si Carlo at tinangkang silipin ang sinasabi ng ina na pinakamagandang kasama nito sa fellowship dahil hindi niya makita ang upper half ng katawan nito mula sa kinauupuan niya. Para makita niya ito ay itinukod niya ang kamay sa katabing upuan habang nanatiling siyang nakaupo sa driver seat at pilit isinungaw ang mukha sa bintana upang makita ang sinumang ‘Princess’ na iyon.

Tamang-tama naman na yumuko rin ito at sinilip siya sa bintana. Halos nagdikit pa ang kanilang mga mukha dahil sa pangyayaring iyon.

Napaangat ang puwit niya sa upuan at nanlaki ang mga mata sa nakita. Lumuwag ang pagkakatukod ng kamay niya sa passenger seat kaya nasubsob siya sa upuan. Pakiramdam ni Carlo ay nayanig ang buong paligid. “Holy cow!” bulalas niya.

Nagulat ang dalaga dahil sa pagkakasubsob niya. Mabilis siyang hinawakan nito para tulungang

makabangon. “Brother, okay ka lang?”

Naramdaman niya ang pagkarambola ng lahat ng menudencia niya sa loob ng kanyang katawan nang maramdaman niya ang kamay nito sa kanyang braso, Napapaangat ng tibok ng puso niya ang suot niyang polo shirt. Ang tibok nga niyon ay sobrang malakas. Mabilis siyang bumangon mula sa pagkakasubsob at matuling lumabas ng sasakyan.

Namimilog pa rin ang kanyang mga mata na titig na titig sa kaharap na dalaga habang sina Rosie at Lea naman ay takang-taka sa naging reaksyon niya. Hindi normal para sa nakatatandang babae na makitang nagkakandataranta ang anak dahil sa isang babae.

“Oh, my God, it’s you!” Hindi na niya maitago ang tuwa. Bigla niyang niyakap nang mahigpit si Princess.

Napasigaw ito sa pagkabigla. Maging si Lea at ang mama niya ay nag-alala sa kanyang ginawa.

“Sister Rosie! Awatin n’yo po,” pakiusap ng dalaga.

“Carlo. anak, bitawan mo nga si Sister Princess. Ano ka ba?” Tinampal nito ang kamay niya.

Para siyang nahimasmasan at mabilis niyang

binitiwang ang pagkakayakap dito. Nakita niyang namutla ang dalaga sa ginawa niya habang sapo ang dibdib dahil sa sobrang kaba.

“I’m sorry. I was just carried away.” Nagmukha ba siyang tanga sa ginawa niyang iyon? Nakaramdam si Carlo ng hiya.

“Nakakatakot naman pala ang anak mo, Sister Rosie. Nangyayakap!” Napapangiti ito bagaman pulang-pula ang mukha sa pagkaasiwa sa ginawa niya.

“O, hayan, tinakot mo na si Princess, Carlo,” pagalit ni Rosie. “Bakit ba ganyan na lang ang tuwa mo nang makita mo si Princess? Magkakilala na ba kayo dati?” naiintrigang tanong niya.

Sabay pang sumagot ang dalawa. Yes ang sagot ni Carlo at no naman ang kay Princess.

Nagsalubong ang mga kilay ng nakatatandang babae sa magkaibang sagot nila ng dalaga. “Sino kaya ang nagsasabi ng totoo sa inyong dalawa?” Nagpalipat-lipat ang mga mata nito sa kanila ni Princess.

“Actually, we are both telling the truth, Ma. I know her because I’ve seen her once but she didn’t know me yet,” paliwanag niya sa ina.

“Seen me? Where?” May pagtataka sa himig ng dalaga. “Buti pa ako talagang nakita na kita. Sa mga pictures na ipinakita sa akin ni Sister Rosie na kuha n’yo n’ung kasal ng kapatid mong si Cheska. Pero ngayon lang tayo nagkita sa personal, ah. I’m so sure of that.”

“Kamukha mo lang ba iyon?” nagkakamot ng ulong palusot ni Carlo. Dapat ba niyang sabihin dito na nakita niya ito sa panaginip? At dapat na rin ba niyang ikuwento na inabangan niya ito sa Quezon Boulevard nang halos maghapon noong nagdaang araw?

“Malamang.” Napatitig ito sa mukha niya.

“Gan’un nga siguro!” pag-ayon na lang niya.

“So?” Inilahad ni Princess ang kamay at ikinibit ang balikat. “Late na po tayo.” Sumulyap ito sa loob ng gusali na pagdarausan nila ng worship service.

“Okay, son, I’ll just call you when were done.” Humalik si Rosie sa kanyang pisngi.

“I’m staying, Ma,” sabi niyang ngumiti habang napagkit na ang mga mata sa mukha ni Princess.

Napangiti si Lea. May panunuksong dinunggol nito nang bahagya ang tagiliran ni Princess. “Mukhang

masama ang tama ng binata ni Sister Rosie sa iyo, ah.”

Nakita niyang nag-blush ito. “Ay, wala namang ganyanan, Sister.” Hindi na ito makatingin sa kanya nang derecho.

Itinaas ni Rosie ang mga kamay at tumingala sa langit. “Praise the Lord! Mukhang sinagot na ng Diyos ang aking mga dalangin na sana ay maakay ko ang anak ko na sumama sa mga ganitong gawain ng Panginoon,” tumatawang sabi nito na pinisil ang balikat ng dalaga.

Samantala, napayuko si Princess. Nakaramdam siya ng kakaibang pagkaasiwa dahil parang nahalata ng lahat ang attraction na namamagitan sa kanilang dalawa ni Carlo. Ang totoo ay halos hindi na niya matagalan ang malalagkit na tingin ng binata sa kanya mula pa kaninang nagkakilala sila. Pinanlalamigan siya ng kamay at nagpapawis na ang kanyang mga binti sa tensyon.

Lalo na kaninang niyakap siya nito. Ang bangu-bango ng binata! Bakit kaya parang tuwang-tuwa ito nang makita siya?

*Mas guwapo pa pala siya sa personal, kinikilig na sabi ng kanyang isip.*

Pumasok na ang tatlong babae sa loob ng lugar

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

na pagdarausan ng worship service. Nakasunod si Carl sa mga ito.

*“Alive, alive, alive forever more. My Jesus is alive, live forever more.”*

Pinipigilan ni Princess ang matawa kay Carlo dahil nagpapaka-effort itong gayahin ang ginagawa nila. Magkatabi sila habang nakikiisa sa activities sa umagang iyon. Siyempre noong una ay nahihiya pa itong magtaas ng kamay at pumalakpak. At sino nga bang lalaki ang hindi? Ipinanganak itong Catholic at hindi ito nasanay sa ganitong paraan ng worship kaya natural lang na makaramdam ito ng kaunting pag-aalangan sa simula.

Siya man ay bago rin sa ganitong gawain. Mahigit isang taon pa lang siyang sumasama sa activities ng kanilang simbahan. Si Sister Rosie ang nakapag-inspire sa kanya na ituloy ang pagsama sa fellowship. Naging close sila nito. Masaya siya ngayon na nabigyan siya ng pagkakataong makilala niya nang personal ang guwapong anak nito. Wala sigurong babaeng hindi magiging proud kapag pinapakitaan ng interest ng ganito kaguwapong lalaki. Halata naman niya ang malaking pagkagusto sa kanya ni Carlo.

---

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

Pinapakiramdaman ni Carlo ang sarili habang katabi si Princess. Ang nagrarambolan niyang lamang-loob ay hindi pa rin napapayapa. Ang damdaming naramdaman niya sa panaginip ay muli niyang nararamdaman ngayon. Napakalapit nila sa isa't isa. Madalas siyang malibang at mawala ang attention sa ginagawa. Nagugulat na lamang siya sa tuwing tatapikin siya ng ina dahil nakatulala na pala siya at nakatitig na lang sa dalaga.

Napapangiti naman si Princess sa tuwing nakikita nitong natutulala siya. Napakapamilyar ng mga ngiting iyon. The killer smile. Ngiting nakita na niya sa kanyang panaginip na lalong nagpapadagundong sa kanyang puso.

*Ikaw nga. Ikaw nga ang babaeng iyon at wala nang iba. Pangako, papakasalan kita, sabi ni Carlo sa sarili.*

Hindi nga siya dapat magsayang ng pagkakataon. Ngayong nasa harapan na niya ang babaeng una niyang nakita sa panaginip ay hindi na siya makapapayag na hindi siya makagawa ng paraan upang mapalapit ito sa kanya. Wala siyang balak na pakawalan pa ito.

*She'll be mine...* determinadong pahayag niya sa sarili.

Nakuha niya ang contact number nito bilang first move. Mukhang hindi naman siya bigo na makuha kaagad ang loob ng dalaga. Napapatawa na niya ito at minsan ay nagugulat din siya sa tuwing tinatampal na siya nito pag may nasabi siyang nakakatuwa at minsan ay may pakurot-kurot pa ito sa kanyang tagiliran. Bagay na nakapagbibigay sa kanya ng confidence para lalong iparamdam dito ang interest niya na mapaibig ito.

---

Natapos ang activities na iyon na tila hindi namalayan ni Carlo ang pagdaan ng mga oras.

“Ihahatid na namin kayo,” pag-aalok ni Carlo sa dalawang babae.

“Naku, huwag na, Brother. Mag-ta-taxi na lang kami,” mabilis na tanggi ni Princess. Kinalabit niya si Lea para segundahan siya nito. Narinig kasi niya kanina na nagkakaayaang mag-inuman ang Kuya Henry niya at barkada nito kaya hindi tamang ngayon pupunta ang mag-ina sa kanilang bahay.

“Ay, oo. Mag-ta-taxi na lang kami,” pakikisakay nito.

“I insist, Princess. Gusto kong ihatid ka para alam ko kung saan kita papasyalan.” Hindi pumayag ang

binata na hindi sila maihatid nito.

“Uy!” kanyaw ni Lea sa kanya. “Mukhang may aabangan tayong bagong sibol na love team, ah.”

Pinandilatan niya ito dahil nakukuha pa nitong tuksuhin siya samantalang namomroblema na siya kung paano tatanggihan ang alok ni Carlo. “May dadaanan pa kasi kami, eh. Di ba, Sister?” Pinanlakihan niya ng mata ang kaibigan.

Ang walang talent sa acting na si Lea ay napilitang sumang-ayon.

## 4

“Hay naku! Mahabang diskusyunan pa iyan, Sisters. Hindi gan’un kadalang sumuko iyang anak ko na iyan. Sumakay na kayo at ihahatid na namin kayo.” Nakialam na si Rosie para mapadali ang usapan ng tatlo na tila walang gustong patalo.

Nagkatinginan na lang sina Princess at Lea. May magagawa pa ba sila?

“Tamang-tama, kain muna tayo ng lunch bago ko kayo ihatid,” sabi ni Carlo na nilingon ang dalaga na sumakay sa backseat kasama si Lea.

Kumain sila sa isang seafoods restaurant; treat iyon ni Carlo. Tinabihan nito si Princess at pinagsilbihan siya nito. Bato na lang ang puso niya kung sasabihin niyang hindi nayayanig ang kanyang damdamin sa ginagawa nito sa kanya. Ipinagbabalat siya nito ng hipon at alimasag. Halos hindi na nga ito nakakain dahil sa kasisilbi sa kanya. Obvious talaga ang pagpapadama nito ng pagkagusto sa kanya.

“Kumain ka na kaya, Brother. Aba’y gugutumin ka niyan sa kasisilbi sa akin,” saway niya dahil ayaw nitong paawat sa pagbabalat ng hipon para sa kanya.

“Okay lang ako, kaya huwag mo akong intindihin. Makita ko lang na busog ka ay nabubusog na rin ako,” tugon nito.

“Naks naman. Sweet berry!” kanyaw ni Lea na halatang kinikilig.

“Ano iyon?” Hindi nasakyan ni Rosie ang sinabi nito.

“Ang ibig kong sabihin, Sister, sweet berry as in very sweet!”

Natawa ito.

Nakitawa rin si Carlo sa biro ni Lea. “Can I ask you one favor?” Tunitig ito sa kanya.

“Ano iyon, Brother?” Nasalubong ng mga mata ni Princess ang mga mata nito. Dagli rin siyang nagyuko dahil hindi niya matagalan ang lagkit ng tingin nito sa kanya. Para siyang di matutunawan dahil sumasakit ang tiyan niya sa tensyon.

“Huwag mo naman akong tatawaging ‘Brother’, please. Ayokong maging kapatid mo lang,” anito na tumatawa.

Hindi na rin napigilang matawa ni Princess sa sinabi nito. Siyempre gusto niyang tawagin itong ‘Carlo’ kaya lang ay baka isipin nitong feeling close

na siya rito.

“Naku, Sister Rosie, I smell romance here,” panunukso ni Lea na ininguso ang dalawa.

“Why not? Bagay naman sila, di ba?” Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanila ni Carlo na tila tuwang-tuwa at tila nagkakaigihan sila ng anak nito.

Nagdiwang ang puso ni Princess nang maramdaman na tila gusto siya ni Rosie para sa binata.

---

Narating nila ang lugar ni Princess. Huminto ang RAV4 sa harap mismo ng gate ng isang bungalow type na bahay. Magkapitbahay sina Princess at Lea kaya minabuti ng huli na bumaba na rin doon. Pinturado ng beige ang bahay at mukha namang malinis ang paligid nito. Marami ring nakapasong iba't ibang halamang namumulaklak sa loob ng maliit na bakurang kinatitirikan ng bahay. First time ni Rosie na mapunta sa bahay ng dalaga.

Hindi pa nakakababa si Princess sa sasakyan ay dinig na niya ang malakas na music at malakas na tawanan ng kalalakihan sa loob ng kanilang bahay. Natuloy rin pala ang yayaan ng kuya niya at barkada nitong mag-inuman doon.

Minadali niyang makababa mula sa SUV at mabilis na nagpasalamat upang umalis na rin kaagad sina Sister Rosie at Carlo. Ayaw na niyang magtagal pa ang mga ito roon. Ayaw niyang masira ang magandang impression ng mag-ina sa kanya. Abut-abot na ang dalangin niyang huwag sanang mahalata ng mga ito ang kakaibang lakas ng music sa loob ng kanilang bahay.

Halos mag-collapse siya nang biglang magpahiwatig si Carlo na nais pa nitong magkape. Dagli siyang napatingin kay Lea. Alam niyang naiintindihan nito kung bakit hanggang maaari sana ay ayaw niyang magpahatid sa mga ito. Dahil na rin sa hindi magandang nakaugalian ng kuya niya na pagyayaya ng mga kabarkada nito sa kanilang bahay upang doon mag-inuman. Kinukunsinti kasi ito ng kanyang ina kaya namimihasa ito sa ganoong gawain.

*Patay! Paano ba ito?* Nilingon niya ang kanilang bahay. Wild ang tawanan ng mga lalaking naroroon kaya naisip niyang baka hindi maibigan ng mag-ina ang makikita. Pagharap niya ay nakita niyang nakababa na si Carlo mula sa sasakyan nito. Niyaya pa nito ang ina na bumaba rin muna dahil makikikape ito.

Alam niyang hindi kape ang gusto ng binata sa

pagkakataong iyon. Maaaring gusto nitong makilala ang kanyang pamilya at iyon ngayon ang halos makapagpasikip sa paghinga niya. Natetensyon siya at abut-abot ang kanyang kaba. Tama bang sa ganitong pagkakataon ay ipakilala niya ang kanyang pamilya rito lalo pa't kasama nito si Sister Rosie na perfect example ng salitang 'proper'?

Nababagabag man ang kanyang kalooban ay wala siyang nagawa kundi ayain ang mga ito sa loob ng bahay. Kumatok siya sa pinto.

Ang Kuya Henry niya ang nagbukas ng pinto. Hawak pa nito ang basong pinanggalingan ng tagay nito. Mukhang marami na itong nainom. "O, sister in crime, nandito ka na pala. Kumusta naman ang pagpapakabanal mo?" Bumunghalit ito ng nakakalokong tawa.

Pinanlakihan niya ito ng mata. Pasimpleng iningunguso niya ritong may kasama siya. Nasa likuran niya ang dalawa kaya marahil hindi nito kaagad napansin lalo pa't nakainom na ito.

"M-may bisita ka pala?" Mukhang nataranta rin ito nang makita ang mag-ina. "Mga 'tol, lipat tayo sa kusina at may bisita si Pastora." Muli itong bumunghalit ng tawa. 'Pastora' ang tawag nito sa kanya buhat nang naging Born Again Christian siya.

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

Napakapit si Rosie kay Carlo. Halatang nagulat ito dahil nagkalat ang lasing sa loob ng bahay ni Princess. Lalo pa't nakita nitong ang daming alak sa lamesita kung saan ay nakapaikot ang mga ito at nagpapakalango sa alak na tila wala nang bukas.

“Naku, pasensya na po,” paghinggi ng paumanhin ng dalaga sa tila na-shock na nakatatandang babae. Mabuti pa si Carlo at mukhang okay lang sa nakita. Nagawa pa nitong ngumiti at bumati sa kuya niya.

“Pasensya na po, Sister,” sabi rin ni Henry na pinangunahan ang paghahakot ng mga inumin at pulutan upang ilipat sa kusina. “Dumating lang po kasi ang loverboy ni Princess galing Dubai kaya kami nagkakasayahan.” Itinuro nito ang isang lalaki na may hitsura. Kayumanggi ito pero hindi rin matatawaran ang lakas ng dating nito.

“Kuya, hindi ko loverboy si Marcus,” saway ni Princess sa kapatid. “Pasensya na talaga, Sister. Si Kuya talaga!” Napakamot siya ng ulo kahit hindi naman iyon makati. “Tuloy po pala kayo,” yaya niya sa mag-ina.

---

Nag-alangan na si Rosie na tumuloy pa sa loob ng bahay. Hindi na kasi niya nagugustuhan ang mga

nakikita lalo na ang mga sinasabi ng kuya ni Princess.

“Hindi na rin kami tutuloy, Princess. Mukhang hindi ito ang tamang pagkakataon para makiinom si Carlo ng kape.” Pinigil niya ang kamay ng anak dahil parang gusto pa rin nitong tumuloy kahit ganoon ang dinatnan nilang sitwasyon. “Saka ang totoo ay nagmamadali rin kami.” Hinila na niya ang braso ng anak na halatang ayaw pang umalis.

Hindi pa man natatapos ang pagpapaalam nila ay isang babae na nasa cuarenta y cinco ang edad ang bumungad sa sala mula sa kusina. Nakasuot ito ng maikling shorts at sando ng hapit sa katawan, bagay na nagpalaki sa mga mata niya dahil wala itong suot na bra kaya naman bakat na bakat ang utong ng malulusog na dibdib nito. Di bale sana kung wala itong mga bisitang lalaki na ngayon ay nag-iinuman pa sa pamamahay nito.

Maganda ito at maputi. Malaki ang resemblance ng hitsura nito kay Princess kaya sigurado siyang ito ang ina ng dalaga.

“O, Malpuks, nandito ka na pala.” Mukhang nakatagay na rin ito. Si Princess ang tinawag nitong ‘Malpuks’? Ibig bang sabihin ay malaki ang....

“Ma!” awat ng dalaga sa ina dahil tila hindi nito

napansing may kasama siya. Bumaling ito sa magina. “Mama ko po pala,” pakilala nito sa babaeng kalalabas lang ng kusina. “Ma, si Sister Rosie po at ang anak niyang si Carlo.”

Halatang nataranta rin ito nang mapansing hindi nag-iisa ang anak nang umuwi. “P-pasok kayo, Sister.” May pagka-hospitable din naman ito dahil nagkukumahog itong ayusin ang uupuan nila.

Kinilabutan pa si Rosie sa pagtawag ng ‘Sister’ sa kanya ng nakainom na babae. Namimilog ang mga mata niyang hinagod ang kabuuan nito. “Paalis na rin kami...” Hindi niya alam ang pangalan ng kausap.

“Mary. Just call me ‘Mary’.” Nakipagkamay pa ito kay Rosie. “Ang pogi naman ng anak mo, Sister.” Nagawa pa nitong pisilin ang pisngi ni Carlo.

*Mary? Di bagay sa kanya ang pangalan niya,* aniya sa isip. Mahigpit na talaga ang hawak niya sa braso ni Carlo. Halos hilain na niya ito palabas ng gate. “Tayo na, Anak.”

“Uno onse, Marimar!” sigaw ng isang mama mula sa labas ng gate. May bitbit ito na papelitos. Parang ang hina naman nila kung di pa nila maintindihan ang ibig sabihin ng isinisigaw nitong numero.

“Pucha ka, Pulgoso! Anak ka ng babaeng laspag

na pinagtaksilan ng asawang bakla! Por uno akong demonyo ka!” biglang sigaw nito sa kobrador na tila nawala sa loob na may bisita nga pala ang anak.

“Ma!” Halos takpan na ni Princess ang bibig ng ina dahil hiyang-hiya na siya sa mag-inang bisita niya. Kung mamatay na siguro siya ng pagkakataong iyon ay magpapasalamat pa siya dahil parang hindi na talaga niya matagalan pa ang kahihiyang nararanasan niya ngayon.

Halatang nahiya ito nang maalalang may bisita nga pala. Napangiwi na lang ito at nakagat ang pang-ibabang labi nang makita si Rosie na nakanganga na lang at namimilog ang mga mata na nakatingin dito.

“Excuse me po.” Nakiraan ito sa kanila upang mapuntahan ang naghihintay na kobrador sa labas ng gate. Nang makarating doon ay muling narinig ang mga salitang hindi kanais-nais nang kausap na nito ang lalaki. Magtataya pa ito ng jueteng.

Halos himatayin na si Rosie sa disappointment sa nakitang ugali ng pamilya ng dalagang kanina lang ay nais niyang ireto sa anak. Hindi niya sukat akalaing ang isang kaibig-ibig na babaeng tulad ni Princess ay mayroong ganito kalaswang pamilya. Iisa lang ang nasisiguro niya ngayon; nagbago na ang isip niya!

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

Alam niyang naramdaman ng kanyang anak ang pagka-shock niya. Sinadya niya talagang iparamdam iyon dito para kung anuman ang mga naunang plano nito kay Princess ay matigil na sa lalong madaling panahon. Ayaw ni Rosie sa pamilya ng dalaga.

---

Halos magtakip ng mukha ni Princess dahil sa matinding hiya. Bakit ngayon pa nagkaroon ng reunion ang lahat ng makasalanan sa kanilang lugar at ito pang bahay nila ang napiling tagpuan ng mga ito.

“Pasensya na po talaga kayo, Sister. Medyo nagkakat na ang pamilya ko. Nakakahiya nang masyado,” nakangiwing sabi niya.

Mabilis siyang hinawakan ni Carlo sa balikat. “It’s okay, Princess. Huwag mo kaming alalahanin.” Ngumiti ito sa kanya. “Sige, tutuloy na kami. May utang ka sa akin na kape, ha?” pagbibiro pa nito.

Napatingin siya sa mga mata ng binata at parang nais niyang magpasalamat dahil wala siyang nakikitang kahit kaunting bahid ng disappointment doon. Ngunit ang ipinag-aalala niya ay si Rosie. Ang mga tingin nito sa kanya ay talaga namang nanghuhusga na at hindi na rin ito makangiti sa kanya.

“Pasensya na po talaga, Sister,” paghingi niyang muli ng dispensa rito ngunit hindi na ito nagsalita.

“Sige, Princess, tuloy na kami.” Si Carlo na lang ang nagpaalam. Pinisil nito ang balikat niya at isinenyas na magtawagan sila sa pamamagitan ng pagtutok ng hinlalaki sa tainga at ang small finger nito sa tapat ng bibig.

---

“Panginoon! Hindi ako makapaniwala na gan’un kagulo ang pamilya ni Princess.” Hindi na napigilang magkomento ni Rosie. Kasalukuyang nakasakay na sila sa SUV ng anak.

“Nagsasaya lang sila, Ma, kaya nag-inuman dahil may dumating na bisita. I think that’s normal. We also do that sometimes. Imported nga lang ang alak at disente ang topics but what could be the difference, anyway?” pagtatanggol niya sa pamilya ni Princess.

Pinukol siya nito ng nadidismayang tingin. “Bakit ba tila hindi ka man lang naapektuhan sa nakita mong ugali ng pamilya ni Princess, hijo? Para kang bulag!”

“Because I don’t see anything wrong with that. It is normal and it is happening everywhere, so what’s the big deal?”

Napabuga ito ng hangin nang marinig ang sinabi niya. “Normal ba na ang lumalabas sa bunganga ng mga tao doon ay puro masasama? My God, hijo! They really have dirty mouths!”

“Of course, Princess is different from them, Ma. I like her. She’s so pretty.” Kumislap ang mga mata ni Carlo.

Napailing ito at hinawakan nito ang balikat niya. “Hindi naman sa nakikialam ako, anak, pero siguro ay kalimutan mo na lang si Princess. Hindi mabuti ang pamilya niya at ayaw kong mapabilang ka sa pamilyang puro kasalanan ang alam gawin araw-araw.”

Napatitig siya rito. Akala ba niya ay hindi mabuting gawain ang manghusga ng kapwa gaya ng madalas nitong i-lecture sa kanila sa tuwing feeling nitong magpaka-pastora sa kanilang pamamahay? Bakit ngayon ay tila hinuhusgahan na nito si Princess dahil lang may inuman silang dinatnan sa pamamahay ng dalaga?

“I think you need to read your Bible once again, Ma, para ma-refresh sa iyo na masama ang manghusga ng kapwa.”

Napahiya ito pero naroon pa rin ang pag-aalala

nito para sa kanya na halatang-halata na masama ang tama sa anak ni Marimar.

“Pabayaan mo na si Princess at mukhang boyfriend niya iyong lalaking bisita nila kanina. Narinig mo ba ang sinabi ng kuya niya? Sabi nito’y loverboy niya ’yon. Di ba iba ang boyfriend sa loverboy? Baka naman may namamagitan na kanila ng lalaking iyon.”

Natawa si Carlo sa mga pinagsasabi ng ina. “So what is your difference now from her mother that according to you has a very dirty mouth, Ma?”

Napatitig ito sa kanya at halatang nainis sa sinabi niya. “I don’t have a dirty mouth, my son, ever!”

“But you have a *dirty mind*, Ma, and don’t you realize that having a dirty mind is far worse than having a dirty mouth?” tumatawang sabi niya.

Natahimik ito at umirap na lang sa kanya. “Teka lang, Carlo. Bakit ba parang ako pa ang lumilitaw na makasalanan ngayon sa usapan nating ito?” Halatang nagdamdam na ito sa kanya. “Hindi kaya masyado ka lang nagiging bias dahil attracted ka sa babaeng iyon?”

“That’s not true. Hindi ako nagiging bias kahit totoong attracted ako sa kanya at gagawin ko ang lahat para maging akin siya, Ma.”

*Kung Ikaw Ay Isang Panaginip - Charisse Pamela*

---

Nasapo ni Rosie ang dibdib nito. "Jesus Christ!"